TALAAN NG IMPORMASYON ng GVRO

# Mga Pamigil na Utos sa Karahasan sa Tahanan

REDUCE THE RISK
Gun Violence Protection Orders | Save Lives

## Ang Proteksyon laban sa Karahasan ay Nagsisimula Dito

**Kung nanganganib ka, tumawag sa 911.**

Sa katamtaman, may isa na namamatay dahil sa pamamaril kada tatlong oras sa California. Upang maihinto ito, mayroong siyam na pamprotektang utos ang estado. Tumutulong ang mga utos na ito na mapanatiling ligtas ang mga tao. Kabilang sa mga hakbang ang pansamantalang pag-agaw ng kanilang mga baril. Hinahayaan ng mga ito ang iba na mamagitan at mabigyan ang isa na nasa mahirap na panahon na huminto at matulungan.

### DVRO SA ISANG SULYAP

**KAPAG KAILANGAN**

Kapag may isang sinasaktan o pinagbabantaan ng isang kasama nila sa tahanan o mahal sa buhay

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

- Kapamilya
- Asawang lalaki, asawang babae, kapartner
- Isa na na ninirahang kasama ng taong iyon o dating kasama nila sa tahanan

**ITATAGAL NG UTOS**

21 araw, pwedeng palawigin ng 1 - 5 taon

Mga 1 sa 3 kababaihan at kalalakihan sa California ang nasaktan o naabuso ng malapit na kapartner.

### Ano ito?

Ang DVRO ay isa sa siyam na pamprotektang utos ng California. Natutulungan nito ang mga tao na sinasaktan o tinatakot ng isang kapartner, kapamilya o ka-roommate. Pwede silang humiling sa hukom ng proteksyon.

### Sino ang Pinuprotektahan nito

Pinuprotektahan ng DVRO ang mga tao na nasaktan o tinakot ng isa na malapit sa kanila. Maaaring kasama rito ang kanilang asawang lalaki o asawang babae, kapartner, ka-roommate o kapamilya.



### Paano ito Nakakatulong

Nakakatulong ang DVRO na mapanatiling ligtas ang mga tao. Inaagaw nito ang mga baril ng isang tao nang maikling panahon. Hindi sila pinapayagang magkaroon o bumili ng mga baril, bala o magazine hangga't ipinatutupad pa ang utos. Mapipigilan din ng DVRO ang tao na makalapit sa iyo, makatawag o maka-text sa iyo o makapunta sa iyong tahanan, paaralan o lugar ng trabaho.

**Mag-scan dito upang makaalam pa tungkol sa mga pamprotektang utos at paano mababawasan ang panganib ng pamamaril.**

**ReducetheRisk.ca.gov**

DVRO-FS-TAG-0725